



## Proseso para sa Paghiling ng Pahayag ng Interes sa US DOL Sa Panahon ng Mga Alitan sa Paggawa

### Mga Madalas Itanong Para sa Mga Manggagawa at Mga Kinatawan Nilá<sup>1</sup>

#### Pangkalahatang-ideya

Ang misyon at epektibong pagpapatupad ng Kagawaran ng Paggawa ng U.S. (US DOL o Kagawaran) ay nakasalalay sa pakikipagtulungan ng mga manggagawa. Gayunpaman, ang mga manggagawang walang pahintulot sa trabaho o ang katayuan sa imigrasyon ay nakatali sa kanilang employer ay kadalasang nag-aatubiling mag-ulat ng mga paglabag, makipag-ugnayan sa mga ahensya ng pamahalaang nagpapatupad, o kung hindi man ay gamitin ang kanilang mga karapatan. Halimbawa, ang ilang manggagawang nakakaranas ng mga paglabag sa batas sa paggawa ay maaaring matakot na ang pakikipagtulungan sa isang pagsisiwalat ay magresulta sa pagsisiwalat ng kanilang katayuan sa imigrasyon o ng mga miyembro ng pamilya o komunidad, o magresulta sa batay sa imigrasyon na paghihiganti mula sa kanilang mga amo at masamang kahihinatnan sa imigrasyon para sa kanilang sarili o kanilang pamilya o komunidad. Bilang resulta, nahaharap ang mga manggagawa at ang Kagawaran sa mga hadlang sa pantay at epektibong pagpapatupad ng mga karapatan at proteksyon sa lugar ng trabaho, at ang maraming mga tagapag-employo na sumusunod sa mga batas sa paggawa at trabaho ay nahaharap sa hindi patas na kompetisyon.

Matagal nang sinusupportahan ng US DOL ang paggamit ng Kagawaran ng Seguridad sa Sariling Bayan (DHS) sa kanilang pagpapasya sa pag-uusig sa bawat kaso, upang higit pang maipatupad ang mga batas sa loob ng hurisdiksyon ng US DOL. Maaring kabilang sa nasabing pagpapasya sa pag-uusig na nauugnay sa imigrasyon ang ipinagpaliban na aksyon, parol, o iba pang mga paraan ng proteksyon sa pagpapasya.

Nililina ng dokumentong ito ang proseso ng Kagawaran para sa mga manggagawa at kanilang mga kinatawan na humiling ng suporta sa US DOL para sa kanilang mga kahilingan para sa pagpapasya sa kaluwagan sa imigrasyon, kabilang ang ipinagpaliban na pagkilos, sa DHS sa isang case-by-case na batayan upang palakasin ang pagpapatupad ng US DOL at mga pagsisikap sa proteksyon ng manggagawa.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa paggamit ng DHS ng ipinagpaliban na pagkilos upang suportahan ang pagpapatupad ng paggawa, bisitahin ang [www.dhs.gov/enforcement-labor-and-employment-laws](http://www.dhs.gov/enforcement-labor-and-employment-laws).

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga batas na ipinapatupad ng US DOL at iba pang pederal na ahensya ng paggawa, bisitahin ang <https://www.worker.gov>.

#### Paghiling ng Pahayag ng Interes ng US DOL

Ang mga manggagawang nakakaranas ng hindi pagkakaunawaan sa paggawa sa kanilang lugar ng trabaho ay maaaring humiling na ang US DOL ay magbigay ng "Pahayag ng Interes sa US DOL" sa pamamagitan ng pagpapadala ng kahilingan sa [statementrequests@dol.gov](mailto:statementrequests@dol.gov) na may linya ng paksa "Kahilingan para sa Pahayag ng Interes ng US DOL."

Tulad ng tinalakay nang mas detalyado sa FAQ #3 sa ibaba, hinihikayat ang mga humihiling na magbigay ng sapat na impormasyon sa kahilingang na-email para sa Kagawaran upang matukoy ang lugar ng trabaho na paksa ng alitan sa paggawa. Iniimbihan ang mga humihiling na isama ang mga katotohanang sumusuporta sa anumang mga salik na tinalakay sa FAQ #6 na maaaring isaalang-alang ng US DOL sa pagtugon sa mga kahilingang ito, kabilang ngunit hindi limitado sa:

- Isang paglalarawan ng alitan sa paggawa kasama ang lokasyon nito at kung paano ito nauugnay sa mga batas na ipinapatupad ng US DOL;
- Isang paglalarawan ng anumang paghihiganti o pagbabanta na maaaring nasaksihan o naranasan ng mga manggagawa sa lugar ng trabaho na may kaugnayan sa mga alitan sa paggawa; at

<sup>1</sup> Ang mga Madalas Itanong na ito ay na-update noong Abril 3, 2024. Ang webpage ng Kagawaran ng Seguridad ng Sariling Bayan na pinamagatang "Suporta ng DHS sa Pagpapatupad ng mga Batas sa Paggawa at Pagtatrabaho" na may karagdagang impormasyon ay makukuha sa: <https://www.dhs.gov/enforcement-labor-and-employment-laws>.





# Kagawaran ng Paggawa ng Estados Unidos

- Ang isang paglalarawan kung paanong ang takot sa mga manggagawa sa lugar ng trabaho sa potensyal na paghihiganti na may kaugnayan sa imigrasyon o iba pang pagpapatupad ng imigrasyon sa hinaharap ay malamang na humadlang sa mga manggagawa mula sa pag-uulat ng mga paglabag na may kinalaman sa alitan sa paggawa sa US DOL o kung hindi man ay pakikipagtulungan sa US DOL. Kung may kaugnayan, makatutulong na isama ang oras, lugar, at paraan ng anumang naturang mga katotohanan.

Maaaring makipag-ugnayan ang US DOL sa humihiling para sa mga tanong, kaya makakatulong na isama ang maaasahang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa humihiling. Ang isang kahilingan ay maaaring gawin ng isang manggagawa o ng isang tagapagtaguyod o kinatawan. Ang mga kahilingan ay maaaring gawin sa ngalan ng isang grupo ng mga manggagawa.

Ang ilang partikular na impormasyon sa US DOL ay hindi dapat ibunyag ng mga humihiling sa kanilang kahilingan, gaya ng ibinubuo sa tsart sa ibaba.

Impormasyong Nakatutulong sa US DOL:	Mangyaring HUWAG isama ang:
<p>Impormasyon para Matukoy ang Lugar ng Trabaho o Employer</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Pangalan ng employer (tulad ng pangalan ng isang negosyo)</li> <li>• Address ng lugar ng trabaho</li> <li>• Panahon ng alitan sa paggawa</li> <li>• Pangalan ng ahensya ng US DOL kung saan isinumite ang reklamo o nag-iimbestiga o naglilitis</li> </ul> <p>Impormasyon tungkol sa Alitan sa Paggawa</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Isang paglalarawan ng alitan sa paggawa at kaugnayan sa mga batas na ipinatutupad ng US DOL</li> <li>• Paglalarawan ng anumang paghihiganti o pagbabanta na may kaugnayan sa alitan sa paggawa</li> <li>• Paglalarawan kung paano ang takot sa mga manggagawa sa paghihiganti o pagpapatupad na nauugnay sa imigrasyon ay malamang na humadlang sa mga manggagawa mula sa pag-uulat sa o pakikipagtulungan sa US DOL</li> <li>• Impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa humihiling</li> </ul> 	<ul style="list-style-type: none"> <li>• <b>HUWAG</b> isama ang mga pangalan ng indibidwal na manggagawa (Pinangalanan ng Mga Pahayag ng Interes ng US DOL ang lugar ng trabaho o employer, sa pangkalahatan ay hindi mga indibidwal na manggagawa);</li> <li>• <b>HUWAG</b> isama ang mga partikular na kasaysayan o pangangailangan ng imigrasyon ng mga indibidwal na manggagawa;</li> <li>• <b>HUWAG</b> isama ang mga address ng tahanan ng mga indibidwal na manggagawa</li> <li>• <b>HUWAG</b> isama ang mga kopya ng mga dokumento ng pagkakakilanlan ng mga manggagawa, kabilang ang mga pasaporte, mga lisensya sa pagmamaneho, at mga kard ng pagkakakilanlan;</li> <li>• <b>HUWAG</b> magsama ng sensitibong personal na nakakapagpakilalang impormasyon, kabilang ang mga petsa ng kapanganakan, Mga Numero ng Social Security, o Mga Numero ng Alien Registration;</li> <li>• <b>Huwag</b> isama ang G-28 at iba pang mga form sa imigrasyon</li> </ul> 

Ang Kagawaran ay karaniwang tutugon sa humihiling sa loob ng 30 araw na may pagpapasiya sa kahilingan o isang update sa katayuan. Mangyaring tingnan ang FAQ #13 para sa higit pang detalye. Kung ang US DOL, sa pagpapasya nito, ay maglalabas ng Pahayag ng Interes ng US DOL, magpapadala ang US DOL ng kopya sa DHS at sa humihiling.

## Paghiling ng Na-update na Pahayag ng Interes ng US DOL para Suportahan ang Kasunod na Kahilingan para sa Ipinagpaliban na Pagkilos

Upang matiyak na epektibong maproseso ng US DOL ang isang kahilingan para sa isang na-update na Pahayag ng Interes, ang mga humihiling ay dapat magsumite ng mga kahilingang **hindi bababa sa 160 araw bago ang pag-expire ng orihinal na panahon ng ipinagpaliban na pagkilos.**

Ang mga kahilingan ay maaaring i-email sa [statementrequests@dol.gov](mailto:statementrequests@dol.gov) na may linya ng paksa na "Na-update na Pahayag ng US DOL na Kahilingan sa Interes." Sa na-email na kahilingan, dapat na malinaw na ipahiwatig ng mga humihiling na naghahanap sila ng Pahayag ng Interes ng US DOL upang suportahan ang kasunod na kahilingan sa DHS. Hinihikayat ang mga humihiling na magbigay ng sapat na impormasyon para sa Kagawaran upang matukoy ang lugar ng trabaho na paksa ng alitan sa paggawa.



Sa pangkalahatan, ang pangalan ng employer (tulad ng pangalan ng isang negosyo), address ng lugar ng trabaho, at petsa ng unang Pahayag ng Interes ng US DOL ay makakatulong. Ang Kagawaran ay karaniwang tutugon sa humihiling sa loob ng 30 araw na may pagpapasiya. Mangyaring tingnan ang FAQ #3 para sa higit pang detalye kung paano magsumite ng isang kahilingan. Kung ang US DOL, sa pagpapasya nito, ay maglalabas ng Na-update na Pahayag ng Interes ng US DOL para suportahan ang kasunod na kahilingan para sa ipinagpalibang pagkilos, magpapadala ang US DOL ng kopya sa DHS at sa humihiling. Kung magpasya ang US DOL na huwag mag-isyu ng na-update na Pahayag ng Interes ng US DOL, aabisuhan ng US DOL ang humihiling.

## Mga Madalas Itanong

### 1. Tumatangap ba ang Kagawaran ng Paggawa ng US ng mga kahilingang magpahayag ng suporta para sa ipinagpaliban na pagkilos para sa mga manggagawang sangkot sa mga alitan sa paggawa?

Oo. Isinasaalang-alang namin ang mga naturang kahilingan na pinangalanan ang mga tagapag-empleyo at/o mga lugar ng trabaho sa isang case-by-case na batayan. Kung ang Kagawaran ay magbibigay ng Pahayag ng Interes ng US DOL, maaaring gamitin ng isang manggagawa ang Pahayag para suportahan ang isang indibidwal na kahilingan sa Kagawaran ng Seguridad sa Sariling Bayan (DHS) para sa ipinagpaliban na pagkilos. Para maipatupad ng US DOL ang mga batas sa ilalim ng hurisdiksyon nito, anuman ang katayuan sa imigrasyon, dapat malayang lumahok ang mga manggagawa sa mga pagsisiyasat at paglilitis ng Kagawaran nang walang takot sa paghihiganti o mga kahihinatnan na nauugnay sa imigrasyon.

### 2 Ano ang Pahayag ng Interes ng US DOL?

Ang Pahayag ng Interes sa US DOL ay isang liham mula sa US DOL sa DHS na nagpapakilala sa isang employer at/o lugar ng trabaho at isang pangyayari kung saan ang paggamit ng DHS sa kanyang pagpapasya sa pag-uusig ay makakatulong sa pagpapatupad ng US DOL ng mga batas sa ilalim ng hurisdiksyon nito. Ang mga Pahayag ng Interes ng US DOL ay karaniwang ibinibigay sa isang employer o batayan sa lugar ng trabaho at sa pangkalahatan ay hindi tumutukoy sa mga indibidwal na manggagawa sa pamamagitan ng pangalan.

### 3 Paano ako hihingi sa US DOL ng Pahayag ng Interes?

Ang mga manggagawang nakakaranas ng hindi pagkakaunawaan sa paggawa sa kanilang lugar ng trabaho ay maaaring humiling na ang US DOL ay magbigay ng "Pahayag ng Interes sa US DOL" sa pamamagitan ng pagpapadala ng kahilingan sa [statementrequests@dol.gov](mailto:statementrequests@dol.gov) na may linya ng paksa "Kahilingan para sa Pahayag ng Interes ng US DOL." Sa na-email na kahilingan, Hinihikayat ang mga humihiling na magbigay ng sapat na impormasyon para sa Kagawaran upang matukoy ang lugar ng trabaho na paksa ng alitan sa paggawa. Sa pangkalahatan, ang pangalan ng employer (gaya ng pangalan ng isang negosyo), address ng lugar ng trabaho, tagal ng panahon ng alitan, pangalan ng ahensya ng US DOL kung saan isinumite ang isang reklamo o nag-iimbestiga o naglilitis (tulad ng Dibisyon ng Sahod at Oras o Pangangasiwa sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho) at/o case number, ay nakakatulong para sa US DOL. **Hindi dapat isumite ang mga pangalan at personal na impormasyon ng mga indibidwal na manggagawa (tingnan sa ibaba).**

Bukod pa rito, iniimbitahan ang mga humihiling na isama ang mga katotohanang sumusuporta sa anumang mga salik na nakalista sa FAQ #6 na maaaring isaalang-alang ng US DOL sa pagtugon sa mga kahilingang ito, kabilang ngunit hindi limitado sa:

- Isang paglalarawan ng alitan sa paggawa kasama ang lokasyon nito at kung paano ito nauugnay sa mga batas na ipinapatupad ng US DOL;
- Isang paglalarawan ng anumang paghihiganti o pananakot na maaaring nasaksihan o naranasan ng mga manggagawa sa lugar ng trabaho na may kaugnayan sa mga alitan sa paggawa; at
- Ang isang paglalarawan kung paanong ang takot sa mga manggagawa sa lugar ng trabaho sa potensyal na paghihiganti na may kaugnayan sa imigrasyon o iba pang pagpapatupad ng imigrasyon sa hinaharap ay malamang na humadlang sa mga manggagawa mula sa pag-uulat ng mga paglabag na may kinalaman sa alitan sa paggawa sa US DOL o kung hindi man ay pakikipagtulungan sa US DOL. Kung may kaugnayan, makatutulong na isama ang oras, lugar, at paraan ng anumang naturang mga katotohanan.

Maaaring makipag-ugnayan ang US DOL sa humihiling para sa mga tanong, kaya makakatulong na isama ang maaasahang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa humihiling. Ang isang kahilingan ay maaaring gawin ng isang manggagawa o ng isang tagapagtugayod o kinatawan. Ang mga kahilingan ay maaaring gawin sa ngalan ng isang grupo ng mga manggagawa.



*TANDAAN: Susuriin ng US DOL ang mga kahilingan upang matukoy kung ang isang alitan sa paggawa na nauugnay sa isang batas na ipinapatupad ng US DOL ay umiiral sa isang partikular na lugar ng trabaho at kung paano ang ipinagpaliban na pagkilos para sa mga manggagawa sa lugar ng trabaho ay makakatulong sa US DOL na maisakatuparan ang misyon at mga priyoridad nito sa pagpapatupad. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang FAQ #6. Maaaring hindi kailanganin ang pagsisiwalat ng mga pangalan ng indibidwal na manggagawa upang matiyak na mayroong hindi pagkakaunawaan sa paggawa, depende sa, halimbawa, sa karagdagang nagpapatunay na impormasyon ng US DOL.*

Ang mga tanong tungkol sa prosesong nakabalangkas sa itaas ay maaari ding idirekta sa [statementrequests@dol.gov](mailto:statementrequests@dol.gov) bago isumite ang isang kahilingan. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga batas na ipinapatupad ng US DOL at iba pang pederal na ahensya ng paggawa, bisitahin ang <https://www.worker.gov>.

## 4 Anong Impormasyon ang HINDI Ko Dapat Isama sa Aking Kahilingan?

Sa na-email na kahilingan, ang mga humihiling **ay hindi dapat** ibunyag sa US DOL:

- Mga pangalan ng indibidwal na manggagawa (Pinangalanan ng Mga Pahayag ng Interes ng US DOL ang lugar ng trabaho o employer sa pangkalahatan ay hindi mga indibidwal na manggagawa);
- Mga partikular na kasaysayan o pangangailangan sa imigrasyon ng mga indibidwal na manggagawa;
- Mga address ng tahanan ng mga indibidwal na manggagawa o mga kopya ng mga dokumento ng pagkakakilanlan ng mga manggagawa, kabilang ang mga pasaporte, lisensya sa pagmamaneho, at mga kard ng pagkakakilanlan;
- Sensitibong impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan, kabilang ang mga petsa ng kapanganakan, Social Security Number, o Alien Registration Number;
- G-28 at iba pang mga form ng imigrasyon

## 5 Paano ko aabisuhan ang US DOL ng alitan sa trabaho at maghain ng reklamo?

Kung hindi ka pa nagsampa ng reklamo sa US DOL na may kaugnayan sa iyong alitan sa trabaho, hinihikayat kang gamitin ang mga link sa ibaba upang mahanap ang naaangkop na lokal na Opisina ng US DOL para maghain ng reklamo:

- Humanap ng lokal na Distritong Opisina ng **Dibisyon ng Sahod at Oras** dito: <https://www.dol.gov/agencies/whd/contact/local-offices>
- Humanap ng lokal na Opisina ng Lugar ng **Administrasyon ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho** dito: <https://www.osha.gov/contactus/bystate>
- Humanap ng lokal na Distritong Opisina ng **Opisina ng mga Pederal na Programa sa Pagsunod sa Kontrata** dito: <https://www.dol.gov/agencies/ofccp/contact/district-area-offices>

Bilang karagdagan sa paghahain ng reklamo, hinihikayat ang mga manggagawa na manatiling nakikipag-ugnayan sa mga lokal na tanggapan upang magbigay ng may-katuturang impormasyon ng kaso. Ang proseso ng Pahayag ng Interes ng US DOL ay hindi kapalit para sa paghahain ng reklamo sa may-katuturang ahensyang nagpapatupad. Ang mga pagkaantala sa pagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga hindi pagkakaunawaan sa paggawa sa mga lokal na tanggapan ay maaaring humantong sa pagkaantala sa pagpapasiya ng US DOL kung dapat bang maglabas ng Pahayag ng Interes ng US DOL.



### **6. Anong mga salik ang isasaalang-alang ng Kagawaran kapag nagpapasya kung magbibigay ng Pahayag ng Interes ng US DOL sa hindi pagkakaunawaan sa trabaho ng isang lugar ng trabaho?**

Susuriin ng US DOL ang bawat kahilingan ayon sa case-by-case na batayan at bilang pagsasaalang-alang sa mga partikular na pangangailangan nito sa pagpapatupad. Ang mga Pahayag ng Interes ng US DOL ay batay sa isang alitan sa paggawa sa isang lugar ng trabaho na nauugnay sa mga batas na ipinapatupad ng US DOL, hindi sila nakabatay sa mga indibidwal na manggagawa. Kabilang sa mga salik na maaaring isaalang-alang, ngunit hindi limitado sa:

- Ang pangangailangan ng US DOL para sa mga testigo na lumahok sa pagsisiyasat nito at/o posibleng pagpapatupad;
- Kung ang paggamit ng DHS ng pagpipiliang proteksyon sa imigrasyon, tulad ng ipinagpaliban na pagkilos, ay susuportahan ang interes ng US DOL sa pagpapanagot sa mga lumalabag sa batas sa paggawa para sa mga naturang paglabag;
- Kung ang mga manggagawa ay nakakaranas ng paghihiganti, mga banta ng paghihiganti, o takot sa paghihiganti at/o maaaring "pinalamig" mula sa pag-uulat ng mga paglabag sa batas o paglahok sa pagpapatupad ng US DOL;
- Kung ang pagpapatupad ng imigrasyon hinggil sa mga manggagawa na maaaring maging saksi o biktima ng isang paglabag sa mga batas sa loob ng hurisdiksiyon ng US DOL ay maaaring makahadlang sa kakayahan ng US DOL na ipatupad ang mga batas sa paggawa o magbigay ng lahat ng magagamit na mga remedyo sa loob ng nasasakupan nito;
- Ang posibilidad na ang pagpapatupad ng imigrasyon ay maaaring isang instrumento na ginagamit upang pahinain ang pagpapatupad ng US DOL ng mga batas sa heyograpikong lugar o industriya at/o magbunga ng higit pang paghihiganti batay sa imigrasyon.

Titimbangin ng Kagawaran ang mga salik na nakalista sa itaas batay sa mga partikular na kalagayan ng alitan sa paggawa. Maaaring makipag-ugnayan ang US DOL sa humihiling para sa mga katanungan.

### **7. Pagkatapos kong isumite ang aking kahilingan para sa isang Pahayag ng Interes ng US DOL, ano ang gagawin ng US DOL?**

Tutukuyin ng US DOL kung ang mga interes sa pagpapatupad nito ay nagbibigay-katwiran sa suporta para sa isang kahilingan para sa ipinagpaliban na pagkilos ng DHS. Kung gayon, at sa pagpapasya nito, ipapadala ng US DOL ang DHS at ang humihiling ng Pahayag ng Interes ng US DOL. Ipinapaalam ng Pahayag sa DHS na ang US DOL ay naniniwala na ang paggamit ng DHS ng mga pagpipiliang proteksyon sa imigrasyon gaya ng ipinagpaliban na pagkilos para sa mga empleyado sa isang partikular na lugar ng trabaho o ng isang partikular na employer ay kinakailangan para sa US DOL upang epektibong maisakatuparan ang misyon nito, at na sinusuportahan nito ang mga kahilingan ng mga manggagawa para sa pagpapaliban ng pagkilos o iba pang naaangkop na pagpipiliang proteksyon sa imigrasyon.

Halimbawa, kung saan ang mga manggagawa ay nahaharap sa paghihiganti dahil sa pagrereklamo tungkol sa kanilang sahod o mga kondisyon sa pagtatrabaho at natatakot sa paghihiganti sa pagkilos ng imigrasyon kung sila ay lumahok sa isang pagsisiyasat sa US DOL o legal na pamamaraan, ang paggamit ng DHS ng ipinagpaliban na aksyon ay maaaring makatulong upang maibsan ang takot na iyon at patagalin pa ang imbestigasyon ng US DOL o aksyon sa pagpapatupad. Ang pakikilahok ng manggagawa ay nagpapalakas sa kakayahan ng US DOL na makakuha ng pagbawi at pagsunod sa employer.


### **8. Paano humihingi sa DHS ng pagpipiliang proteksyon sa imigrasyon ang mga indibidwal na manggagawa na nakakaranas ng alitan sa paggawa tulad ng ipinagpaliban na pagkilos?**

Ang mga manggagawang naghahanap ng ipinagpaliban na pagkilos mula sa DHS ay dapat direktang gumawa ng mga naturang kahilingan sa DHS. Para sa higit pang impormasyon kung paano gawin ang mga naturang kahilingan sa DHS, bisitahin ang [www.dhs.gov/enforcement-labor-and-employment-laws](http://www.dhs.gov/enforcement-labor-and-employment-laws).

Ang DHS ay may malinaw na paliwanag sa proseso, kasama sa susunod na pahina.



## MGA KAHILINGAN PARA SA IPINAGPALIBAN NA PAGKILOS PARA SA MGA MANGGAGAWA NA SUMUSUPPORTA SA MGA PAGSISIYASAT NG AHENSIYA NG PAGGAWA



### Homeland Security

Ang FAQ na ito ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa kung paano maaaring humiling ang isang manggagawa ng Pahayag ng Interes ng US DOL tungkol sa isang alitan sa paggawa, na siyang bahagi ng DOL ng prosesong ipinakita sa itaas.

**TANDAAN:** Maaaring magkaroon ng mga karagdagang batayan manggagawa para sa paghiling na ang DHS ay magbibigay ng ipinagpaliban na pagkilos o iba pang tulong sa imigrasyon na hindi natugunan sa FAQ na ito. Para sa higit pang impormasyon, maaari kang humingi ng legal na payo sa imigrasyon. Para sa isang listahan ng mga pro bono na tagapagbigay ng serbisyong legal, pakibisita ang: <https://www.justice.gov/eoir/list-pro-bono-legal-service-providers>. Ang isang tiyak na resulta para sa sinumang indibidwal na manggagawa ay hindi magagarantiyahan; dapat isaalang-alang ng bawat manggagawa ang paghingi ng payo para mas maunawaan ang mga indibidwal na implikasyon ng pagsusumite ng kahilingan sa DHS para sa pagpipiliang proteksyon sa imigrasyon.

### 9. Ang Pahayag ng Interes ng US DOL sa alitan sa paggawa ng isang lugar ng trabaho ay nagbibigay ba ng anumang katayuan o proteksyon sa imigrasyon sa isang manggagawa?

Hindi. Ang Pahayag ng Interes ng US DOL sa isang alitan sa paggawa ay hindi nagbibigay ng katayuan sa imigrasyon, o anumang partikular na proteksyon sa imigrasyon, sa mga indibidwal na manggagawa. Sa halip, maaaring isama ng mga indibidwal na manggagawa ang Pahayag ng Interes ng US DOL bilang bahagi ng isang kahilingan para sa ipinagpaliban na pagkilos na nakadirekta sa DHS. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa paggamit ng DHS ng ipinagpaliban na pagkilos upang suportahan ang pagpapatupad ng paggawa, bisitahin ang [www.dhs.gov/enforcement-labor-and-employment-laws](http://www.dhs.gov/enforcement-labor-and-employment-laws).

### 10. Ginagarantiya ba ng Pahayag ng Interes ng US DOL na ang DHS ay magbibigay ng ipinagpaliban na pagkilos o iba pang naaangkop na pagpipiliang proteksyon sa imigrasyon sa isang partikular na kaso?

Hindi. Ang desisyon kung magbibigay ng ipinagpaliban na pagkilos o iba pang pagpipiliang proteksyon sa imigrasyon ay nakasalalay lamang sa DHS. Hindi ginagarantiya ng Pahayag ng Interes ng US DOL na ang DHS ay magbibigay ng ipinagpaliban na pagkilos sa anumang indibidwal na kaso ng imigrasyon. Ang mga indibidwal na manggagawa ay dapat na independiyenteng humiling ng ipinagpaliban na pagkilos mula sa DHS. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa paggamit ng DHS ng ipinagpaliban na pagkilos upang suportahan ang pagpapatupad ng paggawa, bisitahin ang [www.dhs.gov/enforcement-labor-and-employment-laws](http://www.dhs.gov/enforcement-labor-and-employment-laws).



## 11. Aling mga ahensya sa loob ng US DOL ang isasaalang-alang na maglabas ng Pahayag ng Interes ng US DOL tungkol sa ipinagpaliban na pagkilos na nauugnay sa imigrasyon?

Isasaalang-alang ng US DOL ang mga kahilingan para sa Mga Pahayag ng Interes na may kaugnayan sa pagpapatupad ng mga batas sa loob ng hurisdiksyon ng mga ahensyang nagpapatupad nito sa bawat kaso at sa pagpapasya ng ahensya. Dahil sa paraan kung saan pinoproseso ng US DOL ang mga kahilingan para sa Mga Pahayag ng Interes ng US DOL, higit sa isang ahensya ang maaaring mag-isyu ng Pahayag ng Interes ng US DOL para sa isang partikular na lugar ng trabaho o employer.

Ang ilang manggagawa na humihiling ng Pahayag ng Interes ng US DOL mula sa OSHA ay maaaring saklawin ng isang inaprubahang OSHA na programa sa kaligtasan at kalusugan sa lugar ng trabaho na pinamamahalaan ng isang estado o teritoryo ng U.S. (tinatawag na "State Plan"). Para sa mga kahilingan para sa mga pahayag ng interes na nauugnay sa mga alitan sa paggawa na saklaw ng Plano ng Estado, maaari mong hilingin na makipag-ugnayan sa Plano ng Estado upang tanungin kung pinoproseso nila ang mga kahilingan para sa mga pahayag ng interes ng ahensya ng paggawa bilang suporta sa ipinagpaliban na pagkilos. Upang makita kung nakatira ka sa isang estado na may Plano ng Estado, at upang mahanap ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa Plano ng Estado, mangyaring pumunta sa website ng OSHA: [www.osha.gov/stateplans/](http://www.osha.gov/stateplans/).

## 12. Pananatilihin bang kumpidensyal ng US DOL ang impormasyong nakapaloob sa aking kahilingan?

Alinsunod sa mga karaniwang kasanayan ng US DOL, pananatilihin kumpidensyal ng US DOL ang mga kahilingan para sa Pahayag ng Interes ng US DOL hanggang sa pinakamataas na pinahihintulutan ng batas. Kung magbibigay ng kahilingan ang US DOL, ibabahagi ng US DOL ang Pahayag ng Interes ng US DOL sa mga humihiling at DHS.

## 13. Gaano katagal ang inaasahan ng Kagawaran upang tumugon sa mga kahilingang ito?

Ang Kagawaran ay karaniwang tutugon sa humihiling sa loob ng 30 araw na may pagpapasiya sa kahilingan o isang update sa katayuan. Ang US DOL ay maghahangad na magbigay ng mga update sa katayuan tuwing 30 araw habang ang isang kahilingan ay nananatiling isinasalang-alang. Mangyaring tandaan na ang takdang panahon na ito ay maaaring mag-iba depende sa pagiging kumplikado ng kahilingan at sa kabuuang dami ng mga kahilingan para sa Mga Pahayag ng Interes ng US DOL na natanggap ng Kagawaran.

## 14. Ano ang dapat asahan ng humihiling kung tumanggi ang Kagawaran na magbigay ng Pahayag ng Interes ng US DOL sa alitan sa paggawa sa isang lugar ng trabaho?

Kung tatanggi ang US DOL na magbigay ng Pahayag ng Interes ng US DOL sa isang alitan sa paggawa, ang humihiling o ang kanilang kinatawan ay aabisuhan sa lalong madaling panahon. Ang Mga Pahayag ng Interes ng US DOL ay ganap na pagpipilian.

Kapag tumanggi ang Kagawaran na magbigay ng Pahayag ng Interes ng US DOL sa alitan sa paggawa, ang US DOL ay karaniwang **hindi** makikipag-ugnayan sa DHS tungkol sa kahilingan. Ang US DOL **ay hindi** nagpapatupad ng batas sa imigrasyon sa lugar ng trabaho.

## 15. Anong papel ang ginagampanan ng US DOL sa paghatol ng DHS sa kahilingan ng isang indibidwal na manggagawa para sa ipinagpaliban na pagkilos?

Ang desisyon tungkol sa kung magbibigay ng ipinagpaliban na aksyon o iba pang pagpipiliang proteksyon sa imigrasyon ay nakasalalay lamang sa DHS. Ang US DOL o iba pang ahensyang nagpapatupad ng batas ay maaaring ipaalam sa DHS ang pangangailangan para sa pagpapasya sa pagpapatupad ng imigrasyon upang maisagawa ang kanilang mga misyon at maaaring tumugon sa mga kahilingan para sa karagdagang impormasyon mula sa DHS tungkol sa mga kahilingan para sa pagpapasya sa pagpapatupad ng imigrasyon.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa paggamit ng DHS ng ipinagpaliban na pagkilos upang suportahan ang pagpapatupad ng paggawa, bisitahin ang [www.dhs.gov/enforcement-labor-and-employment-laws](http://www.dhs.gov/enforcement-labor-and-employment-laws).

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga batas na ipinapatupad ng US DOL at iba pang pederal na ahensya ng paggawa, bisitahin ang <https://www.worker.gov>.



### **16. Paano kung gusto kong magdagdag ng karagdagang impormasyon sa aking paunang kahilingan sa US DOL para sa isang Pahayag ng Interes ng US DOL?**

Ang impormasyon tungkol sa kahilingan sa pangkalahatan ay maaaring dagdagan kung kinakailangan ng humihiling gamit ang email address na ibinigay sa itaas.

### **17. Saan ako makakakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa kung dapat ba akong humiling ng Statement of US DOL Interest at/o humingi ng ipinagpaliban na pagkilos mula sa DHS?**

Maaaring naisin mong humingi ng payo sa batas sa imigrasyon bago magpasya kung humiling ng Pahayag ng Interes ng US DOL o kung magsumite ng kahilingan para sa ipinagpaliban na pagkilos sa DHS. Para sa isang listahan ng mga pro bono na tagapagbigay ng serbisyong legal, pakibisita ang: <https://www.justice.gov/eoir/list-pro-bono-legal-service-providers>. Ang isang tiyak na resulta para sa sinumang indibidwal na manggagawa ay hindi magagarantiyahan; dapat isaalang-alang ng bawat manggagawa ang paghingi ng payo upang mas maunawaan ang mga indibidwal na implikasyon ng pagsusumite ng kahilingan para sa ipinagpaliban na pagkilos sa DHS. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa paggamit ng DHS ng ipinagpaliban na pagkilos upang suportahan ang pagpapatupad ng paggawa, bisitahin ang [www.dhs.gov/enforcement-labor-and-employment-laws](http://www.dhs.gov/enforcement-labor-and-employment-laws).

### **18. Kung humingi ako ng ipinagpaliban na pagkilos mula sa DHS sa pamamagitan ng paggamit ng Pahayag ng Interes ng US DOL, gaano katagal tatagal ang ipinagpaliban na pagkilos? Maaari bang i-renew ang ipinagpaliban na pagkilos?**

Ang desisyon kung magbibigay ng ipinagpaliban na pagkilos, at ang tagal ng ipinagpaliban na pagkilos, ay nakasalalay lamang sa DHS. Sinabi ng DHS na ang ipinagpaliban na aksyon, kung naaprubahan, ay maaaring ibigay sa loob ng hanggang dalawang taon, napapailalim sa pagwawakas anumang oras. Ang DHS ay mayroon ding patnubay para sa mga manggagawang nabigyan ng ipinagpaliban na pagkilos at humihiling ng kasunod na panahon ng ipinagpaliban na pagkilos sa pamamagitan ng prosesong ito. Ang isang manggagawang binigyan ng ipinagpaliban na aksyon batay sa interes sa pagpapatupad ng ahensya ng paggawa ay maaaring humiling ng kasunod na panahon ng ipinagpaliban na pagkilos para sa karagdagang dalawang taon kapag may patuloy na pangangailangan ng ahensya ng paggawa. Para sa higit pang impormasyon sa paghahanap ng mga kasunod na panahon ng ipinagpaliban na pagkilos upang suportahan ang pagpapatupad ng paggawa mula sa DHS, bisitahin ang <https://www.dhs.gov/enforcement-labor-and-employment-laws>.

### **19. Ang US DOL ba ay nagbibigay ng na-update na Pahayag ng Interes ng DOL bilang suporta sa mga kasunod na kahilingan ng mga manggagawa para sa ipinagpaliban na pagkilos?**

Oo. Isinasalang-alang ng US DOL ang mga kahilingan para sa na-update na Mga Pahayag ng Interes ng US DOL sa bawat kaso upang palawakin ang interes nito sa pagpapatupad ng mga batas sa ilalim ng hurisdiksiyon nito.

Pinahihintulutan ng DHS ang mga manggagawa na magsumite ng mga kasunod na kahilingan para sa ipinagpaliban na pagkilos upang mapalawig ang paunang panahon ng ipinagpaliban na pagkilos, na dapat ay may kasamang na-update na Pahayag ng Interes mula sa ahensya ng paggawa, 120 araw bago ang pag-expire ng orihinal na panahon ng ipinagpaliban na pagkilos. Ang mga kasunod na kahilingan para sa ipinagpaliban na pagkilos na natanggap ng DHS na may mas mababa sa 120 araw na natitira sa orihinal na panahon ng ipinagpaliban na pagkilos ay maaaring magresulta sa pagkaantala sa mga paghatol at mga puwang sa ipinagpaliban na pagkilos at kaugnay na awtorisasyon sa pagtatrabaho.

Upang matiyak na epektibong maproseso ng US DOL ang isang kahilingan para sa isang na-update na Pahayag ng Interes ng US DOL, ang mga humihiling ay dapat magsumite ng mga kahilingang **hindi bababa sa 160 araw bago ang pag-expire ng orihinal na panahon ng ipinagpaliban na pagkilos.**

Ang mga kahilingan ay maaaring i-email sa [statementrequests@dol.gov](mailto:statementrequests@dol.gov) na may kasamang linya ng paksa na "Na-update na Pahayag ng US DOL na Kahilingan sa Interes." Sa na-email na kahilingan, dapat na malinaw na ipahiwatig ng mga humihiling na naghahanap sila ng Pahayag ng Interes ng US DOL upang suportahan ang kasunod na kahilingang palawigin ang panahon ng ipinagpaliban na pagkilos sa DHS. Hinihikayat ang mga humihiling na magbigay ng sapat na impormasyon para sa Kagawaran upang matukoy ang lugar ng trabaho na paksa ng alitan sa paggawa. Sa pangkalahatan, ang pangalan ng employer (tulad ng pangalan ng isang negosyo), address ng lugar ng trabaho, at petsa ng unang Pahayag ng Interes ng US DOL ay makakatulong. Ang Kagawaran ay karaniwang tutugon sa humihiling sa loob ng 30 araw na may pagpapasiya. Mangyaring tandaan na ang takdang panahon na ito ay maaaring mag-iba depende sa pagiging kumplikado ng kahilingan at sa kabuuang dami ng mga kahilingan para sa Mga Pahayag ng Interes ng US DOL na natanggap ng Kagawaran.





Ang na-update na Mga Pahayag ng Interes ng US DOL ay hindi magiging partikular sa isang indibidwal na manggagawa; sila ay ibibigay batay sa isang lugar ng trabaho o employer.

## 20. Maaari bang magbigay ang US DOL ng Pahayag ng Interes ng US DOL sa isang alitan sa paggawa sa DHS nang hindi nakatanggap ng kahilingan para sa naturang pahayag?

Oo. Kung naaangkop para isulong ang gawain ng pagpapatupad ng Kagawaran, ang Kagawaran ay naglalabas ng Mga Pahayag ng Interes ng US DOL o mga katulad na pahayag tungkol sa alitan sa paggawa ng isang lugar ng trabaho nang mag-isa, nang hindi nakatanggap ng kahilingan.

## 21. Mayroon bang anumang bayad na nauugnay sa kahilingan para sa isang Pahayag ng Interes ng US DOL?

Walang bayad na nauugnay sa pagsusumite ng kahilingan para sa Pahayag ng Interes ng US DOL. Maaaring direktang isumite ang mga kahilingang ito ng (mga) apektadong indibidwal na sangkot sa alitan sa paggawa o ng isang kinatawan ng (mga) indibidwal na sangkot sa alitan sa paggawa, tulad ng mga legal na kinatawan o iba pang tumutulong sa mga manggagawa.

## 22. Dapat ba akong magsampa ng reklamo sa isang ahensya ng US DOL tungkol sa aking alitan sa paggawa kung nagsumite ako ng kahilingan para sa isang Pahayag ng Interes ng US DOL?

Ang mga manggagawang nakakaranas ng alitan sa paggawa sa isang batas na ipinatutupad ng US DOL ay hinihikayat na magsampa ng reklamo sa kanilang naaangkop na lokal na opisina ng US DOL kung hindi pa alam ng US DOL ang partikular na pagtatalo sa paggawa. Ang proseso ng Pahayag ng Interes ng US DOL ay hindi kapalit para sa paghahain ng reklamo sa may-katurang ahensyang nagpapatupad, at ang pagsusumite ng kahilingan para sa Pahayag ng Interes ng US DOL ay hindi inilaan bilang isang mekanismo upang mag-ulat ng mga potensyal na paglabag sa mga batas sa lugar ng trabaho.

- Humanap ng lokal na Distritong Opisina ng **Dibisyon ng Sahod at Oras** dito: <https://www.dol.gov/agencies/whd/contact/local-offices> o tumawag sa 1-866-487-9243
- Humanap ng lokal na Opisina ng Lugar ng **Administrasyon ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho** dito: <https://www.osha.gov/contactus/bystate> o tumawag sa 1-800-321-6742 (OSHA)
- Humanap ng lokal na Distritong Opisina ng **Opisina ng mga Pederal na Programa sa Pagsunod sa Kontrata** dito: <https://www.dol.gov/agencies/ofccp/contact/file-complaint>

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga karapatan ng mga manggagawa, mangyaring bisitahin ang <https://www.worker.gov/>.

## 23. Ang US DOL lang ba ang tanging ahensya ng paggawa na nagbibigay ng Mga Pahayag ng Interes para sa mga layuning ito?

Hindi. Pinahihintulutan ng proseso ng DHS ang anumang pederal, estado, o lokal na ahensya ng paggawa at pagtatrabaho na magsumite ng Mga Pahayag ng Interes. Dalawa pang pederal na ahensya sa paggawa at pagtatrabaho, ang Lupon ng Relasyon ng Pambansang Paggawa (<https://www.nlrb.gov/guidance/key-reference-materials/immigrant-worker-rights>) at ang Komisyon ng Pantay na Pagkakataon sa Trabaho (<https://www.eeoc.gov/faq/eeocs-support-immigration-related-deferred-action-requests-dhs>) ay nagbibigay din ng Mga Pahayag ng interes. Bilang karagdagan, ang ilang estado at lokal na ahensya ng paggawa ay nagbibigay ng Mga Pahayag ng Interes. Ang US DOL ay isang hiwalay na entidad mula sa mga pederal, estado, at lokal na kagawaran ng paggawa. Ang mga indibidwal na naapektuhan ng isang bagay o imbestigasyon na nakabinbin sa ibang ahensya ng paggawa o interesadong humiling ng mga pahayag ng interes mula sa isa sa iba pang mga ahensya ng paggawa ay dapat makipag-ugnayan nang direkta sa ahensyang iyon. Ang US DOL ay hindi maglalabas ng Mga Pahayag ng Interes kapag ang isang pagtatalo sa paggawa ay hindi nagsasangkot ng pagpapatupad ng DOL.